

Aral mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 88

“9 Magsidalangin nga kayo ng ganito: Ama namin na nasa langit ka, Sambahin nawa ang pangalan mo. 10 Dumating nawa ang kaharian mo. Gawin nawa ang iyong kalooban, kung paano sa langit, gayon din naman sa lupa. 11 Ibigay mo sa amin ngayon ang aming kakanin sa araw-araw. 12 At ipatawad mo sa amin ang aming mga utang, gaya naman namin na nagpatawad sa mga may utang sa amin. 13 At huwag mo kaming ihatid sa tukso, kundi iligtas mo kami sa masama. Sapagka't iyo ang kaharian, at ang kapangyarihan, at ang kaluwalhatian, magpakailan man. Siya nawa.” (Mateo 6:9-13 KJV)

“9 Magsidalangin nga kayo ng ganito: Ama namin na nasa langit ka, Sambahin nawa ang pangalan mo.” (Mateo 6:9 KJV) Magsidalangin nga kayo ng ganito:” Narito sinimulang turuan ni Jesus ang Kanyang mga alagad at ituro sa atin ngayon ang paraan na kailangang sundin upang manalangin. **Hindi natin sasabihin nang literal ang panalanging ito ayon sa sinabi ni Jesus; bagama't magagawa natin iyon, ngunit ang pinakamahalaga ay maunawaan ang kahulugan at mamuhay at isagawa ang kahulugan niyon sa ating buhay at panalangin.**

“Ama namin na nasa langit ka”, Itinuturo sa atin ni Jesus na tumawag sa Dios na ating Ama. Ang Dios ay naging ating Ama nang ipadala Niya ang Kanyang anak na namatay sa krus para sa ating mga kasalanan upang bigyan tayo ng buhay na walang hanggan. Si Jesus ay dumating upang ipakita sa atin ang Dios ang Ama gaya ng mababasa natin dito, ***“18 Walang taong nakakita kailan man sa Dios; ang bugtong na Anak, na nasa sinapupunan ng Ama, siya ang nagpakilala sa kanya.” (Juan 1:18 KJV)*** Si Jesus ay nagmula sa Langit upang ihayag sa atin ang Dios na ating Ama, upang ipahayag sa atin ang Kanyang kasakdalan at Kanyang kabanalan at ituro sa atin kung paanong maging katulad ng Dios na ating Ama sa kabanalan at kasakdalan. Malaki ang agwat sa pagitan natin at ng Dios, ngunit dumating si Jesus upang tulay sa agwat na ito sa pagitan natin at ng Dios, at tayo'y naging mga anak ng Dios tulad ng mababasa natin dito, ***“12 Datapuwa't ang lahat ng sa kaniya'y nagsitanggap, ay pinagkalooban niya sila ng karapatang maging mga anak ng Dios, sa makatuwid baga'y ang mga nagsisisampalataya sa kaniyang pangalan:” (Juan 1:12 KJV)*** Nang tinanggap natin si Cristo tinatakan tayo ng Espiritu ng Dios at Banal na Espiritu na ito ay pauna at paunang bayad para sa ating walang hanggan gaya ng mababasa natin dito, ***“13 Na sa kaniya'y kayo rin naman, pagkarinig ng aral ng katotohanan, ng evangelio ng inyong kaligtasan, na sa kaniya rin naman, mula nang kayo'y magsisampalataya, ay kayo'y tinatakan ng Espiritu Santo, na ipinangako, 14 Na siyang patotoo sa ating mana, hanggang sa ikatutubos ng sariling pag-aari ng Dios, sa ikapupuri ng kaniyang kaluwalhatian.” (Epeso 1:13-14 KJV)*** at ito ring Banal na Espiritu ng Dios ay darating sa atin at mabubuhay sa atin dahil binayaran na ni Jesus ang ating mga kasalanan, at kaya ang agwat sa pagitan natin at ng Dios ay tinulayan ng sakripisyo ni Jesus sa krus. Ang Banal na Espiritung ito gaya ng pagtugon natin sa Kanya, ay magsisimulang magdala ng mga pagbabago sa atin at magpapanibago sa atin upang maging tunay na mga anak ng Dios.

“Ama namin na nasa langit ka”, sa katuruang ito ng pananalangin ipinakita ni Jesus sa atin na ang Dios ay ating Ama, at ang Langit ay parang panalangin lamang. *** Kapag ibinuka natin ang ating bibig at manalangin at tawagin ang Ating Ama sa Langit, o ang Ating Amang nasa Langit, kung gayon makakarating tayo sa Langit, at sa parehong sandali din mapagtatanto natin ang lahat ng pagpapala at ng lahat ng kapangyarihan at ng mga pribilehiyo na mayroon tayo sa Dios na ating Ama sa pamamagitan ng pananampalatay kay Jesus na ating Tagapagligtas at Panginoon. * Ngayon sa gayong pagkaunawa tayo ay maagap na magbigay ng kaluwalhatian sa Dios at dakilain at sambahin ang Kanyang pangalan at sumamba at ibigay sa Kanya ang papuri sa lahat ng ginawa Niya sa atin. Tinawag tayo upang magpasalamat sa Dios sa lahat ng mabubuting bagay na natanggap natin at natanggap natin mula sa Kanya. Umaapaw tayo sa Kanyang mga pagpapala.**

“Sambahin nawa ang pangalan mo.” Ang Dios Ama ay Banal at kailangan nating sambahin ang pangalan ng ating Dios, at huwag gamitin ang pangalan ng ating Dios sa walang kabuluhan gaya ng mababasa natin dito, ***“11 Huwag mong babanggitin ang pangalan ng Panginoon mong Dios sa walang kabuluhan; sapagka't hindi aariin ng Panginoon na walang sala ang bumanggit ng kaniyang pangalan sa walang kabuluhan.” (Deuteronio 5:11 KJV)*** * Habang sinasamba natin ang pangalan ng ating Panginoon, tayo ay naagaw ng takot sa Dios sa harap ng Kanyang kabanalan. Nang nakita ni Isaias ang Panginoon umiyak siya, ***“5 Nang magkagayo'y sinabi ko, Sa aba ko! sapagka't ako'y napahamak; sapagka't ako'y lalaking may maruming mga labi, at ako'y tumatahan sa gitna ng bayan na may maruming mga labi: sapagka't nakita ng aking mga mata ang Hari, ang Panginoon ng mga hukbo.” (Isaias 6:5 KJV)*** Si Isaias ay naagaw ng takot nang makita niya ang banal na Dios. Si Simon Pedro ay naagaw ng takot nang makita niya si Jesus sa himala ng panghuhuli ng isda at sinabi niya kay Jesus, ***“8 Datapuwa't nang makita ni Simon Pedro, ay nagpatirapa sa mga tuhod ni Jesus, na nagsasabi, Lumayo ka sa akin; sapagka't ako'y taong makasalanan, Oh Panginoon.” (Lucas 5:8 KJV)*** At dito tayo ngayon kapag tayo'y manalangin ***“Sambahin nawa ang pangalan mo”***, at dapat tayong maagaw sa pagkatakot sa Dios sa harap ng Banal ng Dios na ito, at maging handa na mahamon upang mabago ang ating mga landas. Ang gayong panalangin ay dapat ipakumbaba tayo at ibalik tayo sa ating tunay na anyo. Kapag sinabi mo ***“Sambahin nawa ang pangalan mo”*** maalala mo ang iyong mga kasalanan, ang iyong mga maling gawain, at sa iyong panalangin ay magpapanumbalik sa Dios sa pagsisisi.

“10 Dumating nawa ang kaharian mo. Gawin nawa ang iyong kalooban, kung paano sa langit, gayon din naman sa lupa.” (Mateo 6:10 KJV)

“Dumating nawa ang kaharian mo.” Pananampalataya kay Cristo at sa pagsunod sa Kanya, tayo’y magiging bahagi ng Kaharian ng Dios. * At ngayon nakikita ang kagalangang kapangyarihan ng Dios habang tayo’y nanalangin at nakikita Siya ay banal, kung gayon nakikita natin ang Kanyang Kaharian nang maaga, at lahat ng iyon ay nakakagawa sa ating maghandang at manalangin na ang iba ay mapabilang sa Kanyang Kaharian, at ang iba ay maniwala kay Jesus at magsimulang sumunod kay Cristo. * Dapat nating ipanalangin ang ibang tao sa paligid natin upang makasama natin ang natin sa Kaharian ng Dios. Patuloy nating ipinalangin ang ating mga pamilya, kamag anak, kaibigan, kapitbahay, kasamahan, at iba pang mga tao sa paligid natin na tanggapin si Jesus bilang personal na Panginoon at Tagapagligtas, at maging bahagi ng Kanyang kaharian.

“Gawin nawa ang iyong kalooban, kung paano sa langit,” * Dito sa panalanging ito na itinuro sa atin ni Jesus ay ibinigay sa atin ang kaunawaan na kailangan nating gawing posible na gawin ang Kanyang kalooban sa ating buhay. Wala na kapag tayo’y nanalangin ay hinihiling natin sa Dios na gawin ang ating ninanais at ninanais, kundi hinihiling natin sa Kanya at ipinagdarasal na mangyari ang Kanyang kalooban. Sa panalanging ito itinatalaga natin ang ating sarili nang lubos na sundin ang Kanyang kalooban, at iyon ang lahat ng ating plano, ang mga pagnanais ay ipinasakop lahat sa Kanyang kalooban. Sa gayong panalaging ipinapanalangin natin na handa nating baguhin ang lahat ng ating mga plano, landas at pasya na salungat sa kalooban ng Dios, * Ang kalooban ng Dios ay mananaig sa Langit at dalangin natin na ang kalooban ng Dios ang manaig sa lupa. Habang patuloy tayong nanalangin sa direksyon na iyon ang kalooban ng Dios ay mananaig sa lupa sa kabila ng lahat ng mga tao, ng laman at ng gawa ng diablo.

“11 Ibigay mo sa amin ngayon ang aming kakanin sa araw-araw.” (Mateo 6:11 KJV) * Habang tayo’y nanalangin sa Dios na ating Ama pinagtibay ang ating pagtitiwala sa Dios na bigyan tayo ng ating pang araw araw na kailangan ng pagkain, inumin, damit, at ibang pangangailangan. Habang tayo’y nanalangin sa Dios na ang ating Ama tinitiyak sa atin na ibibigay Niya sa atin ang lahat ng ating pang-araw-araw na pangangailangan. * Ang ating pang-araw-araw na pangangailangan ay hindi lamang pagkain at iba pang materyal na pangangailangan, kundi higit sa lahat ang Salita ng Dios na nagbibigay sa atin ng kapanatagan, kasiyahan at malinaw na patnubay kung paano natin pinangangasiwaan ang ating pang-araw-araw na pamumuhay. * Ang Salita ng Dios ay nakasulat na Salita na binabasa natin sa Biblia, at kaya naman nagbabasa tayo araw araw ng Bibliya; ang Rhemang Salita, ay ang naririnig ng Banal na Espiritu mula sa Dios Ama at ibinibigay sa atin; at ang buhay na Salita, si JesusCristo na ating Panginoon, tinulungan tayo na malaman ang kung anong gagawin sa atin buhay at kumilos sa ating pang araw araw na paglakad, at paglilingkod sa Dios mula sa buhay ni Jesus.

“12 At ipatawad mo sa amin ang aming mga utang, gaya naman namin na nagpatawad sa mga may utang sa amin.” (Mateo 6:12 KJV)

“At ipatawad mo sa amin ang aming mga utang,” matutunan natin dito na kailangan nating harapin ang ating mga kasalanan. Dapat tayong mamuhay katulad ni Cristo. Dapat nating panatilihin ang banal na buhay, namumuhay malayo sa kasalanan dahil nilinas na tayo ni Jesus at pinatawad tayo sa ating mga pagsalansang. Ang kasalanan ay naghihiwalay sa atin sa Dios at hindi diringgin ng Dios ang ating mga panalangin kung pananatihin natin ang kasalanan sa ating mga puso. ***“18 Kung pinakundanganan ko ang kasamaan sa aking puso, hindi ako didinggin ng Panginoon: 19 Nguni’t katotohanang dininig ako ng Dios; kaniyang pinakinggan ang tinig ng aking dalangin.” (Awit 66:18,19 KJV)*** Kapag tayo’y nanalangin, inaamin natin ang ating mga kasalanan sa Dios upang patawarin, ***“9 Nagkaroon ng tunay na ilaw, sa makatuwid бага’y ang ilaw na lumiliwanag sa bawa’t tao, na pumaparito sa sanglibutan.” (Juan 1:9 KJV)*** Ang panalangin ay nagtuturo at nagdidisiplina sa atin na magsisi mula sa ating mga kasalanan. Habang tayo’y nanalangin kailangan nating maglaan ng oras at talikdan ang ating mga kasalanan, isa isa. Kailangan nating ipagtapat ang ating mga kasalanan isa isa, dahil gusto ng Dios na may kamalayan tayo sa mga ito at ang patunay na batid natin ang mga ito ay kapag ipinagtapat natin ang mga ito sa Dios.

“gaya namin na nagpatawad sa mga may utang sa amin.” Nais din ng Dios na patawarin natin ang mga nagkasala sa atin, gaya ng paghiling natin sa Dios na patawarin tayo. Sinabi ni Jesus, ***“25 At kailan man kayo’y nangakatayong nagsisipanalangin, mangagpatawad kayo, kung mayroon kayong anomang laban sa kanino man; upang ang inyong Ama naman na nasa langit ay patawarin kayo ng inyong mga kasalanan.” (Marcos 11:25 KJV)*** * Ang pagpatawad ay napaka halaga paraan sa Kaharian ng Dios. Tayo ay bahagi ng Kaharian ng Dios dahil tayo’y pinatawad sa pamamagitan ng dugo ni Jesus na ibinuhos sa krus para sa kapatawaran ng ating mga kasalanan. Kaya at batay doon tayo ay pinatawad sa pamamagitan ng dugo ni Jesus, at hinihingi ng Dios na patawarin natin ang iba para mapabilang sila sa Kaharian ng Dios kasama natin. * Kung ayaw nating magpatawad ay tinatangihan natin ang alok ng Dios na patawarin ang ating mga kasalanan, ngunit kung patatawarin natin ang mga tao ay patawarin tayo ng Dios Ama kapag nanalangin tayo ay patatawarin Niya tayo sa ating mga pagkakasala tulad ng mababasa natin dito, ***“14 Sapagka’t kung ipatawad ninyo sa mga tao ang***

kanilang mga kasalanan, ay patatawarin naman kayo ng inyong Ama sa kalangitan. 15 Datapuwa't kung hindi ninyo ipatawad sa mga tao ang kanilang mga kasalanan, ay hindi rin naman kayo patatawarin ng inyong Ama ng inyong mga kasalanan.” (Mateo 6:14-15 KJV)

“13 At huwag mo kaming ihatid sa tukso, kundi iligtas mo kami sa masama. Sapagka't iyo ang kaharian, at ang kapangyarihan, at ang kaluwalhatian, magpakailan man. Siya nawa.” (Mateo 6:13 KJV)

“At huwag mo kaming ihatid sa tukso.” ang tukso sa buhay maaaring ito ay alinman sa pagsubok na ipapahintulot ng Dios sa ating buhay, at sa mababasa natin tungkol sa mga ito sa aklat ni Santiago, **“2 Mga kapatid ko, ariin ninyong buong kagalakan, kung kayo'y mangahulog sa sarisaring tukso; 3 Yamang nalalaman na ang pagsubok sa inyong pananampalataya ay gumagawa ng pagtitiis. 4At inyong pabayaan na ang pagtitiis ay magkaroon ng sakdal na gawa, upang kayo'y maging sakdal at ganap, na walang anoman kakulangan.” (Santiago 1:-4 KJV)** At dito kapag tayo'y nanalangin, **“At huwag mo kaming ihatid sa tukso,** ang ipinapalangin natin ay yaong huwag manaig ang mga pagsubok na manaig sa atin, at manaig ang diablo sa atin kundi ililigtas Niya tayo mula sa gayong mga pagsubok at kasamaan na ninanais sa atin ni Satanas at ng mga demonyo nito, habang tayo ay nanalangin **“kundi iligtas mo kami sa masama”**

“At huwag mo kaming ihatid sa tukso,” ang tukso din ay maaring maging tukso ng laman na tayo ay inaakay ng ating makasalanang kalikasan gaya ng mababasa natin dito, **“13 Huwag sabihin ng sinoman pagka siya'y tinutukso, Ako'y tinutukso ng Dios; sapagka't ang Dios ay hindi matutukso sa masamang bagay, at hindi rin naman siya nanutukso sa kanino man:14 Kundi ang bawa't tao ay natutukso, pagka nahihila ng sariling masamang pita at nahihikayat. 15 Kung magkagayo'y ang kahalayan, kung maipaglihi ay nanganganak ng kasalanan: at ang kasalanan, pagka malaki na ay namumunga ng kamatayan.” (Santiago 1:13-15 KJV)** kapag tayo'y nanalangin. **“At huwag mo kaming ihatid sa tukso,”** ay upang ilayo tayo sa mga landas na magtutulak sa atin na gumawa ng kasalanan at upang bigyan tayo ng pagkilala upang makita kung paano tayo inaakay ni Satanas sa maling mga paraan na kalaunan si Satanas ay gagawa sa ating pansariling pagnanasa at tayo ay mahuhulog sa kasalanan .

Sa tiyak na mga pagkakataon habang tayo'y nanalangin at tayo ay nasa harapan ng Dios, ang Banal na Espiritu ay malinaw na ipapakita sa atin ang mga tukso at mga maling paraan at mga patibong na hindi natin namamalayan na inilatag ni Satanas sa ating harapan at iyon ang ibig sabihin nito **“kundi iligtas mo kami sa masama:”**

“Sapagka't iyo ang kaharian, at ang kapangyarihan, at ang kaluwalhatian, magpakailan man. Siya nawa.” * Sa ating panalangin inilalagay natin sa kamay ng Dios na ating Ama ang ating mga kahirapan, ang ating mga kaguluhan at tukso nakapalibot sa atin. Hinihilingin natin sa Kanya na protekatahan tayo mula sa masama, mula sa Diablo. Sa ating mga panalangin hinihiling natin sa Dios na tulungan tayo na huwag dumaan sa hindi ligtas na mga landas at gabayan tayo sa pamamagitan ng Kanyang Salita at ng Kanyang Banal na Espiritu upang hindi tayo magkasala laban sa Kanya. * Habang tayo'y nasa panalangin ang katiyakan ng tagumpay ay darating sa atin at natitiyak natin na tayo'y mananaig gaya ng Kaharain ng Dios sa huli'y mananaig, sapagkat ang lahat ng kapangyarihan at kaluwalhatin ay nararapat sa Dios at Siya ang magbibigay daan sa atin upang na magkaroon ng tagumpay laban sa kaaway, laban kay Satanas, laban sa kasalanan, laban sa mga pagsubok at paghihirap tulad ng tagumpay ni Jesus na ating Panginoon at nanagumpay laban kay Satanas at sa masama at ng kapangyarihan ng kadiliman sa krus. Sinabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad at hinihikayat Niya tayo ngayon sa Kanyang Salita, **“33 Ang mga bagay na ito ay sinalita ko sa inyo, upang kayo'y magkaroon sa akin ng kapayapaan. Sa sanglibutan ay mayroon kayong kapighatian: nguni't laksan ninyo ang loob; aking dinaig ang sanglibutan.” (Juan 16:33 KJV)**

Hindi lamang itinuro ni Jesus sa Kanyang mga alagad ang tungkol sa panalangin, kundi pati na rin ang tungkol sa pag aayuno, **“16 Bukod dito, pagka kayo'y nangagaayuno, ay huwag kayong gaya ng mga mapagpaimbabaw, na may mapapanglaw na mukha: sapagka't kanilang pinasasama ang mga mukha nila, upang makita ng mga tao na sila'y nangagaayuno. Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Tinanggap na nila ang sa kanila'y ganti. 17 Datapuwa't ikaw, sa pagaayuno mo, ay langisan mo ang iyong ulo, at hilamsan mo ang iyong mukha; 18 Upang huwag kang makita ng mga tao na ikaw ay nagaayuno, kundi ng Ama mo na nasa lihim: at ang Ama mo, na nakakikita sa lihim, ay gagantihin ka.” (Mateo 6:16-18 KJV)**

“16 Bukod dito, pagka kayo'y nangagaayuno, ay huwag kayong gaya ng mga mapagpaimbabaw, na may mapapanglaw na mukha: sapagka't kanilang pinasasama ang mga mukha nila, upang makita ng mga tao na sila'y nangagaayuno. Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Tinanggap na nila ang sa kanila'y ganti.” (Mateo 6:16 KJV) Dito ay nagsasalita ang Panginoon ng isa pang pribilehiyo na inabuso ng mga Judio lalo na ng mga Fariseo, na tinatawag sila ditong mga mapagkunwari, dahil kapag nag-aayuno sila, magpapakita sila ng kalungkutan sa kanilang mga mukha; ay isang pagpapakita ng pagmamalaki upang ipaalam sa mga tao sa paligid nila na mabatid na sila'y nag aayuno. Sinabi ni Jesus na huwag papanglawin nila ang kanilang mga mukha, kaya sinasadya nilang baguhin ang kanilang mga anyo, at ipakita ang epekto ng pag aayuno sa kanila,

mukhang gutom, mukhang mahina, mukhang maputla at mukhang malungkot para lamang makuha ang pansin at pagmamahal ng mga tao na sila ay nag aayuno. Sinabi ni Jesus tungkol doon na kinuha nila ang kanilang gantimpala nang buo. Dahil gusto nilang mapahang ang mga tao, kung gayon iyon ang kanilang gantimpala lamang, ang mga papuri ng mga tao, ngunit wala mula sa Dios Ama.

“17 Datapuwa't ikaw, sa pagaayuno mo, ay langisan mo ang iyong ulo, at hilausan mo ang iyong mukha; 18 Upang huwag kang makita ng mga tao na ikaw ay nagaayuno, kundi ng Ama mo na nasa lihim: at ang Ama mo, na nakakikita sa lihim, ay gagantihin ka.” (Mateo 6:17-18 KJV) Dito ang Panginoong Jesu Cristo ay itinutuwid ang Kanyang mga alagad at itinutuwid tayo ngayon, sa paglalagay ng alintuntunin ng pag aayuno. **Kapag nag ayuno ka kung gayon hugasan ang iyong mukha upang manariwa upang makitang malusog at buhay na buhay, at maglagay ng langis sa iyong ulo, anyayahan ang Banal na Espiritu, ang Espiritu ng kagalakan ay mapasaiyo tulad ng mababasa natin dito ang tungkol kay Jesus kung paanong pinahiran ng Dios Siya nang may kagalakan, “9 Inibig mo ang katuwiran, at kinapootan mo ang kasamaan; Kaya't ang Dios, ang Dios mo, ay nagbuhos sa inyo, Ng langis ng kasayahang higit sa iyong mga kasamahan.” (Hebrew 1:9 KJV)** Ang layunin ng paggawa niyon, na hindi mapansin ng mga tao na hindi ka mabuti, o na ikaw ay may suliranin o ikaw ay nasa pagsubok, kundi ang Dios lamang ang nakakaalam na ikaw ay nag aayuno at ang mga pagsubok at suliranin na pinagdaraan mo, at batay doon ay gagantimpalaan ka Niya nang lantaran, palalayain ka at ililigtas ka, at makikita ng mga tao na ikaw ay naligtas mula sa mga pagsubok at kaguluhan na iyong pinagdaanan. Ang mga Judio sa kanilang pag aayuno, naglalagay sila ng sako sa kanilang katawan bilang isang tanda ng pagpapakumbaba at kababaang loob sa harap ng Dios, Iyon ay hindi maling gawin, ngunit ang mga Fariseo ay ginagamit iyon upang ipakita na sila'y nag aayuno, sa kanilang mukha na mapanglaw, na mapapansin sa isipan ng mga simpleng tao na purihin sila, na para bang sa kanilang pag aayuno ay ginagawa nila ang pabor sa Dios.

Sa aking mahal at minamahal: Ang pananalangin at pag aayuno ay bahagi ng ating buhay at itinuturo sa atin ni Jesus ngayon na ipamuhay ang ating buhay at hinaharap natin ang ating mga pagsubok at paghihirap sa pamamagitan ng pananalangin at pag aayunmo. Lumapit tayo ngayon sa Panginoon at ipangako ang ating sarili sa kung anong narinig natin mula sa Salita ng Dios at tingnan natin ang mga bagay na kailangan nating baguhin sa ating buhay at gawin sa Dios at sa iba. Isinuko mo na ba ang iyong kalooban sa Dios? Idinalangin mo ba ang iba na lumapit sa Dios? Umaasa ka ba sa Dios para sa iyong pang-araw-araw na pangangailangan? Handa mo bang aminin at talikuran ang lahat ng iyong kasalanan sa Dios? Handa ka bang magpatawad sa iba tulad ng pagpapatawad sa iyo ng Dios? Hinihiling mo ba sa Dios na tulungan ka sa mga pagsubok na iyong pinagdadaan at humihingi sa Kanya ng lakas at bigyan ka ng kapangyarihang makayanan ito? Handa ka bang dumaan sa pag aayuno sa paraang itinuro sa atin ni Jesus upang anyayahan mo ang Dios na labanan ang pakikibaka para sa iyo? Tayo ay manalangin pagtatalaga ng ating buhay at ng ating sarili sa Panginoon.

Ang aking panalangin: Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli mula sa mga patay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa iyong Salita na itinuro sa akin ang tungkol sa pananalangin at pag aayuno.

Magsisi at talikdan ang lahat ng iyong mga kasalanan; ang pagnanasa ng laman, ng hindi pagpapatawad patungo sa iba, paggamit ng pangalan sa Dios sa walang kabuluhan, paggawa sa iyong sariling kalooban, kawalan ng pananalangin, kakulangan ng pananalangin sa iba upang maligtas, pagmamalaki, pagpapaimbabaw at pagpapakitang gilas. Panginoon patawarin mo ako, Tinatikdan ko ang sumusunod na mga kasalanan _____.

Panginoon ipinakumbaba ko ang aking sarili sa harap mo, at handa kong baguhin ang paraang ito ng aking buhay _____.

“Ama namin na nasa langit ka, Sambahin nawa ang pangalan mo. 10 Dumating nawa ang kaharian mo. Gawin nawa ang iyong kalooban, kung paano sa langit, gayon din naman sa lupa. 11 Ibigay mo sa amin ngayon ang aming kakanin sa araw-araw. 12 At ipatawad mo sa amin ang aming mga utang, gaya naman namin na nagpatawad sa mga may utang sa amin. 13 At huwag mo kaming ihatid sa tukso, kundi iligtas mo kami sa masama. Sapagka't iyo ang kaharian, at ang kapangyarihan, at ang kaluwalhatian, magpakailan man. Siya nawa.”

Panginoon salamat para sa aking mga kapatid na lalaki at babae na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at itinalaga ang kanilang sarili na mamuhay at isagawa ang aming natutunan sa mensaheng ito. Panginoon protektahan kami at ilaan ang para sa kanila upang patuloy na ipamuhay ang kanilang buhay para sa iyo at pagkalooban sila ng ng higit pa sa bunga ng Banal na Espiritu, upang makita ka ng mga tao sa pamamagitan ng kanilang buhay.

Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan habang ipinapangako namin ang aming sarili na mamuhay ayon sa iyong Salita at sa iyong kalooban. Panginoon alalayan kami sa aming pananalangin at pag aayuno at

sagutin ang aming mga panalangin at gantimpalaan kami para sa aming pag aayuno. Panginoong puspusin kami ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng espirituwal na mga kaloob na kailangan naming yumaon at mag evangelio at abutin ang bagong mga tao, at gumawa ng bagong mga alagad at sanayin ang mas maraming manggagawa upang magtanim ng bagong pag aaral sa Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at iligtas kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Ang biyaya ng Panginoong JesuCristo, at ang pagibig ng Dios, at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Aral mula sa sermon ni Jesus sa bundok Yugto 88. Mateo 6:9-13. Juan 1:18. Juan 1:12. Mga Taga Efeso 1:13-14. Deuteronomio 5:11. Isaias 6:5. Lucas 5:8. Mga Awit 66:18, 19. 1 Juan 1:9. Marcos 11:25. Mateo 6:14-15. Santiago 1:2-4. Santiago 1:13-15. Juan 16:33. Mateo 6:16-18. Hebreo 1:9.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirtual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerong: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com